Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF BATAC

Advisory No. 190 s. 2025
13 AUG 2025
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**SEMINAR-WORKSHOP SA PAGTUTURO NG WIKA, PANANALIKSIK, KULTURA, AT PANITIKAN**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Sentro ng Wika at Kultura (SWK), sa pakikiisa ng Kagawaran ng Sekondaryang Edukasyon at Paaralang Laboratoryo ng Mariano Marcos state University ay magdaraos ng "Seminar-Workshop sa Pagtuturo ng Wika, Pananaliksik, Kultura, at Panitikan" na may temang: *Saliksik, Wika, at Kultura: Pagtuturo sa Akademikong Misyon Para sa Organisadong Resultang Edukasyon* (SWAK pa More)" sa ika-25 ng Agosto, mula 7:00 n.u hanggang 5:00 n.h. sa CTEX Hall.

Layunin ng gawaing ito na palalimin ang kaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng wika, panitikan, kultura, at pananaliksik sa kontekstong akademiko, local at makabansa. Inaasahan naming ang seminar-workshop na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa pagpapalawak ng *pedagogical strategies* at pagpapayaman ng kurikulum sa wika (Filipino at Ingles), Araling Panlipunan (kultura) at mga asignaturang may kaugnayan sa pananaliksik.

Kaugnay nito, ang SWK ay nag-aanyaya sa mga guro sa ating dibisyon sa mga interesadong maging kalahok sa nasabing aktibidad. Bukas ang seminar para sa mga guro sa elementarya, sekondarya, at Senior High School na nagtuturo ng wika, panitikan, kultura, at pananaliksik o kaugnay na larangan.

Upang matustusan ang gastuhin para sa honorarium ng mga ispiker, materyales, pagkain, at sertipikasyon, may *registration fee* na P1000.00 bawat kalahok. Kasama sa bayad ang seminar kit, AM/PM snacks at tanghalian at Sertipiko ng Pagdalo na may CPD units o accreditation.

Mangyaring tumawag ang mga gurong lalahok mula sa inyong paaralan sa numerong ito 09274887237 hanggang Agosto 20, 2025. Maaari ring magpatala online sa link na ito: https://forms.gle/KCxJyJzQtrQxvzrH8 o gamitin ang QR code na kalakip ng liham.

Kalakip ng advaysoring ito ang liham mula sa SWK ng MMSU at paunang programa ng aktibidad para sa inyong sanggunian.

2511870/zsp/Advisori_SeminarWorkshopKWF_SWK
25054/Agosto 12, 2025

Asuncion Street, 16-S Quiling Sur,
City of Batac, Ilocos Norte
Telephone No.: (077) 677-1993
DepEd Batac City batac.city@deped.gov.ph www.csdbatac.com

SDCB RECORDS UNIT
2511870

Department of Education
Schools Division of the City of Batac
RECEIVED
AUG 06 2025
BY: TIME: 1:24

**Agosto 5, 2025**

**DR. ANSELMO R. ALUDINO**
*Schools Division Superintendent*
Department of Education-Division of City of Batac
City of Batac, Ilocos Norte

Kagalang-galang na Dr. Aludino:

Mabuhay!

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Sentro ng Wika at Kultura (SWK), sa pakikiisa ng Kagawaran ng Sekondaryang Edukasyon at Paaralang Laboratoryo ng Mariano Marcos State University ay magdaraos ng **Seminar-Workshop sa Pagtuturo ng Wika, Pananaliksik, Kultura, at Panitikan**" na may temang: *Saliksik, Wika, at Kultura: Pagtuturo sa Akademikong Misyon Para sa Organisadong Resultang Edukasyon* (SWaK pa More)" sa ika-26 ng Agosto, mula 7:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. sa CTEX Hall.

Layunin ng gawaing ito na palalimin ang kaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng wika, panitikan, kultura, at pananaliksik sa kontekstong akademiko, lokal, at makabansa. Inaasahan naming ang seminar-workshop na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa pagpapalawak ng *pedagogical strategies* at pagpapayaman ng kurikulum sa wika (Filipino at Ingles), Araling Panlipunan (kultura) at mga asignaturang may kaugnayan sa pananaliksik.

Kaugnay nito, kami po ay magalang na **humihiling ng inyong pahintulot at pakikipagtulungan** upang maiparating ang paanyaya sa mga guro sa inyong dibisyon na maaaring dumalo bilang mga partisipant sa nasabing aktibidad. Bukas po ang seminar para sa mga guro sa elementarya, sekondarya, at Senior High School na nagtuturo ng wika, panitikan, kultura, at pananaliksik o kaugnay na larangan.

Ang seminar-workshop ay **may kaukulang CPD units** na maaaring i-claim ng mga kalahok pagkatapos maisakatuparan ang seminar.

Upang matustusan ang gastusin para sa honorarium ng mga ispiker, materyales, pagkain, at sertipikasyon, may **registration fee na ₱1,000.00** bawat kalahok. Kasama sa bayad ang:

- Seminar kit
- AM/PM snacks at tanghalian
- Sertipiko ng pagdalo na may CPD accreditation

Mangyaring ipagbigay-alam po sa amin ang bilang ng mga gurong lalahok mula sa inyong paaralan sa pamamagitan ng email: fsnicolas@mmsu.edu.ph o itawag sa 09274887237 **hanggang Agosto 20, 2025**. Maaari rin pong magpatala online sa link na ito: https://forms.gle/KCxJyJzQtrQxvzrH8 o maaaring gamitin ang QR code na kalakip ng liham na ito.



QS 4-Star QS Rating
SOCOTEC
THE Impact Rankings 2024 Rank 601-800 in the World Rank 3 (Philippine SUCs)
WURI RANK 101-200
UI GreenMetric Rank 2 in the Philippines
AppliedHE PUBLIC UNIVERSITY RANKING: ASEAN 2024 RANK 2 AMONG PHILIPPINE SUCs

Kalakip po ng liham na ito ang paunang programa ng aktibidad para sa inyong sanggunian.

Lubos po ang aming pasasalamat sa inyong patuloy na suporta sa mga gawaing pangwika at pangkultura.

Lubos na gumagalang,

**FRANCISCA S. NICOLAS, PhD**
Direktor ng seminar-workshop

**Inirekomenda ni:**

**RONALD CANDY S. LASATEN, PhD**
Dekano, CTE


QS 4-Star QS Rating
THE Impact Rankings 2024 Rank 601-800 in the World Rank 3 (Philippine SUCs)
WURI RANK 101-200
UI GreenMetric Rank 2 in the Philippines
AppliedHE PUBLIC UNIVERSITY RANKING ASEAN 2024 RANK 2 AMONG PHILIPPINE SUCs

# SEMINAR-WORKSHOP

## sa Pagtuturo ng Wika, Pananaliksik, Kultura, at Panitikan

## TEMA:

### SALIKSIK, WIKA at KULTURA: Pagtuturo at Akademikong Misyon para sa Organisadong Resultang Edukasyon (SWaK pa More)



**DR. JOHN A. AMTALAO**
*Assistant Professor, Dela Salle University, Manila*

*Pagbubuo ng Kultural na Pananaliksik para sa Akademya at Gradwadong Paaralan Tungo sa Publikasyon*



**G. AERON JAMES R. DE LEON**
*Assistant Professor, Columban College*

*Wow Estetik: Ang Pagbabasa ng Panitikan Ayon sa Estetika at iba pang Dulog sa Pagpapahalagang Pampanitikan*



**DR. RADJI AREVALO MACATABON**
*Associate Professor, SWK Director, University of Southern Mindanao*

*Dunong at Diskarte: Daan sa Mabisang Pagtuturo ng Gurong Madiskarte*

**AGOSTO 26, 2025** **7:00am- 5:00pm**

**MMSU-CTE-Center for Teaching Excellence (CTEx) Hall**

***Isang paanyaya!***

# Programa ng mga Aktibidad

**SEMINAR-WORKSHOP SA PAGTUTURO NG WIKA, PANANALIKSIK, KULTURA, AT PANITIKAN**

***Tema:***

**SALIKSIK, WIKA at KULTURA:**
**Pagtuturo at Akademikong Misyon para sa Organisadong Resultang Edukasyon (SWaK pa More)**

Petsa: **Agosto 26, 2025**
Oras: **7:00am - 5:00pm**
Lugar: **MMSU-CTE-Center for Teaching Excellence (CTEx) Hall**

---

| | |
|---|---|
| 7:00am-8:00am | **Pagpaparehistro** |
| 8:01am-9:00am | **Pambungad na Palatuntunan** |
| Panalangin | **PROF. JANETH M. LUIS**<br>*Faculty, BEED* |
| Pambansang Awit | **AVP** |
| Himno MMSU | **AVP** |
| Bating Pananalita | **DR. IMELDA L. NAJORDA**<br>*Hepe, Ekstensiyon, CTE* |
| Isayaw Mo | **Mga Piling Mag-aaral, CTE** |
| Rasyunale at Presentasyon ng mga Kalahok | **DR. FRANCISCA S. NICOLAS**<br>*Faculty, BSED* |
| Awitin Mo | **Mga Piling Mag-aaral, LHS** |
| Mensahe | **DR. RONALD CANDY S. LASATEN**<br>*Dekano, Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro* |
| | ____________________<br>*Kinatawan, Kagawaran ng Edukasyon* |
| Masasalamisim na Talumpati: | |
| MMSU | **DR. VIRGILIO JULIUS P. MANZANO, JR**<br>*Pangulo, MMSU* |
| KWF | **KGG. ARTHUR P. CASSANOVA, PhD**<br>*Punong Kumisyuner, KWF* |

| | |
|---|---|
| Madamdaming Pag-awit | **DR. JAMES S. VENTURA**<br>*Faculty, BCAEd* |
| Mga Tagubilin Para sa Palihan | **PROF. KHAREN D. VIDAD**<br>*Program Coordinator, BSE-Filipino* |
| 9:01am-9:30am | **Meryenda** |
| 9:31am-10:30am | **Unang Panayam:**<br><br>**DR. JOHN A. AMTALAO**<br>**Assistant Professor**<br>**Dela Salle University, Manila**<br><br>***Pagbubuo ng Kultural na Pananaliksik para sa Akademya at Gradwadong Paaralan Tungo sa Publikasyon*** |
| 10:31am-10:45am | **Malayang Talakayan** |
| 10:46am-11:45am | **Ikalawang Panayam:**<br><br>**G. AERON JAMES R. DE LEON**<br>**Assistant Professor, Columban College**<br><br>***Wow Estetik: Ang Pagbabasa ng Panitikan Ayon sa Estetika at iba pang Dulog sa Pagpapahalagang Pampanitikan*** |
| 11:46am-12:00nn | **Malayang Talakayan** |
| 12:01pm-1:00pm | **Tanghalian** |
| 1:01pm- 1:15pm | **Panagwatwat** |
| 1:16pm- 2:16pm | **Ikatlong Panayam**<br><br>**DR. RADJI AREVALO MACATABON**<br>**Associate Professor/SWK Director**<br>**University of Southern Mindanao**<br><br>***Dunong at Diskarte: Daan sa Mabisang Pagtuturo ng Gurong Madiskarte*** |
| 2:17-3:00 | **Malayang Talakayan** |

# SEMINAR-WORKSHOP
## sa Wika, Kultura at Panitikan

## TEMA:
### SALIKSIK, WIKA at KULTURA:
### Pagtuturo at Akademikong Misyon para sa Organisadong Resultang Edukasyon (SWaK pa More)



**DR. JOHN A. AMTALAO**
*Assistant Professor, Dela Salle University, Manila*

*Pagbubuo ng Kultural na Pananaliksik para sa Akademya at Gradwadong Paaralan Tungo sa Publikasyon*

**AGOSTO 26-27, 2025**
**8:00AM - 5:00PM**



**G. AERON JAMES R. DE LEON**
*Assistant Professor, Columban College*

*Wow Estetik: Ang Pagbabasa ng Panitikan Ayon sa Estetika at iba pang Dulog sa Pagpapahalagang Pampanitikan*

**MAGREHISTRO GAMIT ANG QR CODE SA IBABA:**



**DR. RADJI AREVALO MACATABON**
*Associate Professor, SWK Director, University of Southern Mindanao*

*Dunong at Diskarte: Daan sa Mabisang Pagtuturo ng Gurong Madiskarte*

**MAY CPD UNITS!**

| | |
|---|---|
| 3:01pm-4:30pm | **Workshop** |
| 4:31pm-5:00pm | **Presentasyon ng Output** |
| | **Pamamahagi ng Sertipiko** |

**G. JAY MARK A. PORNELA**
*Tagapagdaloy*